

# 2023 Alaska Youth Risk Behavior Survey

## Form ng Pahintulot ng Magulang/Tagapag-alaga

Ang Anchorage School District ay lumalahok sa Alaska Youth Risk Behavior Survey (YRBS). Ang survey ay itinatataguyod ng Alaska Department of Health and Social Services. Ang YRBS ay ibibigay sa semestre ng tagsibol ng taon ng paaralan 22-23.

Ang YRBS ay isang hindi papangalanang survey na isinasagawa sa mga mataas na paaralan sa buong Alaska at Estados Unidos. Kumpletuhin ng mga estudyante ang survey sa papel o sa elektronikong paraan. Binuo ng US Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ang survey upang mangolekta ng impormasyon tungkol sa mga pag-uugaling nauugnay sa kalusugan at kapakanan ng mga estudyante. Ang mga resulta ng survey ay gagamitin upang matutunan at matugunan ang mga alalahanin sa kalusugan ng mga tinedyer sa Alaska. Ang mga distrito ng paaralan at mga organisasyong pangkomunidad ay gumagamit ng mga resulta ng YRBS upang matukoy ang mga umuusbong na isyu sa kalusugan at subaybayan ang mga pagbabago sa mga pag-uugali sa kalusugan ng pangkalahatang populasyon ng kabataan sa Alaska sa paglipas ng panahon. Ang mga resulta ay tumutulong din sa mga distrito ng paaralan at iba pang mga organisasyon na lumikha at makakuha ng pondo para sa mga programa para sa mga kabataan.

Pagkatapos masuri ang mga resulta, ibibigay ang mga ulat sa mga distrito ng paaralan. Ang mga distrito ng paaralan ay binibigyan ng 30 araw upang suriin ang mga resulta. Pagkatapos ng pagsusuri, ang mga resulta ay ibabahagi sa publiko kapag hiniling. Ang mga resulta ng survey para sa mga indibidwal na estudyante ay **kailanma'y hindi** natutukoy, nasusuri o iniuulat.

Ang survey ay ibinibigay sa paraang nagpoprotekta sa pagkapribado ng iyong estudyante. Hindi ilalagay ng mga estudyante ang kanilang mga pangalan o anumang iba pang impormasyong nagpapakilala sa survey. Pinapayagan ang mga estudyante na laktawan ang anumang mga tanong na ayaw nilang sagutin. Ang lahat ng mga tugon ng mga estudyante ay mananatiling hindi nagpapakilala. Ang mga tugon ng indibidwal na estudyante ay kailanma'y hindi pinag-aaralan o ibinabahagi sa iba. Ang mga resulta mula sa survey ay iniuulat lamang nang pinagsama-sama, halimbawa ng distrito ng paaralan o lugar ng borough/census.

Ang link sa ibaba ay magbibigay-daan sa iyo upang suriin ang mga naunang tanong sa survey ng YRBS at mga madalas itanong.

[yrbs.dhss.alaska.gov](http://yrbs.dhss.alaska.gov)

Nais naming makilahok ang lahat ng napiling estudyante upang matiyak ang makabuluhang resulta mula sa survey. Desisyon mo kung makikilahok ang iyong estudyante. Ang iyong nakasulat na pahintulot ay **kinakailangan** para sa iyong estudyante na makilahok. Walang mga aksyon laban sa iyo o sa iyong estudyante kung hindi lalahok ang iyong estudyante.

Mangyaring basahin ang seksyon sa ibaba. Lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon at ibalik ang form sa paaralan ng iyong estudyante. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa Alaska YRBS Statewide Coordinator, Tazlina Mannix sa (907) -269-8107

<http://yrbs.dhss.alaska.gov/>

## 2023 Alaska Youth Risk Behavior Survey

[ ] OO, maaaring lumahok sa survey ang aking estudyante.

[ ] HINDI, maaaring hindi lumahok ang aking estudyante sa survey.

Pangalan ng estudyante: \_\_\_\_\_ Grade: \_\_\_\_\_

Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga: \_\_\_\_\_ Petsa:

\_\_\_\_\_